IslamHouse.com
مركز أصول Osoul Center www.osoulcenter.com
Rabwah

# NASA KATAASAN ANG ALLAH

## Mga Katibayan Mula Sa Qur'an At Sunnah

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيـــــني


Isinalin sa Filipino (Tagalog) ni
**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

Mula sa Aklat na Pinamagatang
'The Loftiness of Allah' ni
**Shaikh Mahmud Rida Murad**

# أدلة علو الله سبحانه وتعالى
# من القرآن والسنة

المؤلف

**محمود رضا مراد**

إعداد وترجمة

**أحمد جبريل سالاس**

مراجعة

**محمد طه علي**

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

ح جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة، ١٤٤٣هـ

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر**

مركز أصول

أدلة علـو اللـه ﷻ من القرآن والسنة. اللغة الفلبينية . / مركز أصول؛ أحمد جبريل سالاس.

- الرياض، ١٤٤٣هـ

٨٠ ص، ١٢ سم x ١٦,٥ سم

ردمك : ٩٧٨-٦٠٣-٨٣٥٢-٠٥-٢

١- العقيدة الاسلامية أ. سالاس، أحمد جبريل (مترجم) ب. العنوان

**ديوي ٢٤٠ ١٤٤٣/٢٠٣٤**

**رقم الايداع: ١٤٤٣/٢٠٣٤**

**ردمك : ٩٧٨-٦٠٣-٨٣٥٢-٠٥-٢**

مركز أصول

Osoul Center

www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| ANG PANIMULA | 9 |
| SINO ANG ALLAH? | 15 |
| NASAAN ANG ALLAH? | 19 |
| ANG WALANG KATIYAKANG PAGTATALO | 25 |
| ANG KALANGITAN AY QIBLAH (DIREKSIYON) NG DU'A (PANALANGIN) | 33 |
| ANG WALANG KATATAGANG KATUWIRAN | 41 |
| ANG PAKIKIPAGTALO NI FIR`AUN (PARAON) | 51 |
| ANG MGA KATIBAYAN NG KATAASAN NG ALLAH MULA SA MGA HADITH NG SUGO NG ALLAH (ﷺ) | 55 |
| ANG MGA SINABI NG MGA MAPANANALIGANG MAALAM (ISKOLAR) TUNGKOL SA HADITH NA NABANGGIT SA ITAAS | 65 |
| ANG PANANAW NG MGA KASAMAHAN NG SUGO NG ALLAH (ﷺ), ANG INA NG MGA NANINIWALA, SI ZAINAB BINT JAHSH | 69 |
| ANG PANANAW NG APAT NA KINIKILALANG IMAM | 71 |

# ANG PANIMULA

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah, na Siya nating pinupuri at Siya nating hinihingan ng tulong. Idinadalangin natin sa Kanya ang ating kapatawaran at nawa'y panatilihin tayo sa Kanyang patnubay at magsusumamo tayong nawa'y pangalagaan tayo laban sa ating mga sariling kasamaan at makasalanang gawain. Sinuman ang patnubayan ng Allah ay walang makapaglilihis sa kanya upang mapaligaw, at sinuman ang ilihis ng Allah tungo sa pagkaligaw ay walang sinumang makapagpapatnubay sa kanya.

Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang tanging nag-iisa at walang katambal o kasama (sa pagiging Isang Diyos). At ako ay sumasaksi na si Muhammad (ﷺ) ay alipin ng Allah, at Kanyang Sugo. Nawa'y gantimpalaan siya ng Dakilang Allah ng pinakamabuting gantimpala sa ngalan na kanyang Ummah [pamayanang Muslim] at nawa'y parangalan siya at gantimpalaan ang kanyang mga kasamahan nang dahil sa kanilang katatagan at katapatan sa pagpapalaganap ng Kanyang Deen[1] [relihiyon] sa mga darating pang henerasyon.

1 Ang **Deen** sa wikang Arabik ay karaniwang isinasalin sa ibang wika bilang relihiyon. Ang relihiyon sa pananaw ng di-Muslim ay hindi naaangkop sa Islamikong katagang Deen sapagka't ito ay sumasakop sa kabuuang pamumuhay ng tao. Ito ay binubuo ng lahat ng aspeto ng buhay tulad ng pagsamba, pakikipag-ugnayan sa lahat, pangkabuhayan, kagandahang asal, kalinisan o pag-uugali. Kaya higit na mainam na tawagin itong Deen kaysa sa karaniwang katagang relihiyon.

Ang tamang Aqeedah (paniniwala) ay napakahalaga para sa mga Muslim. Kaya naman, ang maayos na pang-unawa ng mga paksa ay nakatutulong upang kanilang makilala ang kanilang **Rabb**[1] sa tama at mabuting pananaw, katakutan Siya sa paraang nararapat, sambahin Siya sa paraang ikalulugod Niya, at parangalan Siya ng mga kaukulang pitagan at papuri. Ang pang-unawa ay nakatutulong din upang patatagin ang paniniwala ng Muslim sa mga Banal na Katangian at magagandang Pangalan ng Allah sapagka't ang gawaing ito ay isang uri ng pagsamba; samantalang ang pagtakwil ng lahat ng mga ito o ng alinmang bahagi ng mga Katangian ng Allah ay naghahatid sa isang hayag na pagtalikod o pagtakwil.

Ang aklat na ito ay naglalahad ng mga katibayan mula sa Qurán at Sunnah upang patunayan ang katotohanan na ang Allah ay pumaitaas sa Kanyang Arsh (Trono) sa paraang naaangkop sa Kanyang Karangalan at Kadakilaan.

Bagaman ang pagtaas ng Allah ay likas na bahagi ng Aqeedah [paniniwala], mayroon din namang mga lumihis

---

1 **Rabb** - Ayon sa may-akda ng aklat na ito, Shaikh Mahmud Murad, ang Rabb sa wikang Arabik ay may malawak na kahulugan. Hindi ito nakahangga sa katagang Panginoon [tulad ng pakahulugan sa Bibliya] na itinatawag ng mga Kristiyano kay Hesus bilang panginoon o guro samantalang ang tunay na Panginoon ng sangkatauhan ay walang iba kundi ang Nag-iisang Tagapaglikha. Tinatawag na Rabb ang Allah sapagka't Siya ang tanging nagmamay-ari ng Kapangyarihang Lumikha at Kautusan. Ang Dakilang Allah ang nagbigay ng kakayahan sa lahat ng bagay upang gumalaw, lumaki, magbago at umunlad.

mula sa landas ng Ahlus-Sunnah wal-Jamaáh, at sila ay tinawag na neo-Jahmite.[1] Sila ay naimpluwensiyahan ng pilosopiko at diyalektikong[2] pagtatalo na sumira sa mga paksang nauugnay sa kahulugan ng teksto ng Qurán at Sunnah at sila ay nagbigay ng mga malalayong pagpapaliwanag upang patibayin lamang ang kanilang pagtutol at pagtakwil sa Kataasan ng Allah.

Sa kanilang pagtutol at pagtakwil, hindi lamang nila ipinagwalang-bahala ang mga Sahabah [o mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ)] at ang mga iginagalang na mga Imam na naniniwala sa Kataasan ng Allah, nguni't higit sa lahat ay kanilang ibinintang ang kasalanang Kufr [kawalan ng paniniwala] at kalapastangan sa Allah sa sinumang naniniwala na ang Allah ay nasa itaas [at nakaibabaw] sa pitong kalangitan, sa itaas ng Kanyang Arsh (Trono).

Nguni't ang katotohanan nito, ang paniniwala na ang Allah ay nasa itaas [sa ibabaw] ng pitong kalangitan, sa itaas ng

1 Ang mga Jahmites ay mga tagasunod ng Jahm Ibn Safwan [128-745] mga radikal heretiko na nagtatakwil sa paniniwala sa Allah na Siya ay nasa itaas ng Kanyang Arsh (Trono), at nagsasabi na ang Allah ay nasa lahat ng lugar.

2 **Dialektiko** ay isang pamamaraan ng pagtatalo na naging saligang batayan ng Indiko [India at kultura nito] at Europiyanong pilosopiya sa makalumang panahon upang resolbahin ang di-pagkakaunawaan. Ang salitang "dialektiko" ay nagsimula sa makalumang griyego, at ginawang ipakilala ni Plato sa kanyang pakikipag talakayan na ang gamit ay ang pilosopiyang katuwiran ni Socrates. Ang Dialektiko ay batay sa isang takalayan sa pagitan ng dalawang tao o higit pang bilang ng tao na tumatangan ang magkaibang pananaw, subalit naglalayong hanapin ang katotohanan ng paksa sa pamamagitan ng palitan ng talino at katuwiran.

Kanyang Arsh (Trono) at nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha ay pangunahing Aqeedah (paniniwala) ng Ahlus-Sunnah wal-Jamaáh. Sinuman ang tumutol at nagtakwil nito ay nagtakwil sa lahat ng mga Katangian ng Dakilang Allah.

Ang paniniwala sa mga paksang nauukol sa Aqeedah Islamiyah tulad ng Kaisahan ng Allah (Tawheed) at ng Kanyang mga Katangian ay isang likas na paniniwala sapagka't ang likas na kakayahang makilala ang Allah ay tulad ng pagkakalikha sa isang bata sa sinapupunan ng kanyang ina na kung saan ang tao ay mayroong kakayahang tanggapin ang Islam bilang relihiyon ng katotohanan at kilalanin ang Allah bilang kanyang Rabb (Tagapaglikha, Tagapanustos, Panginoon ng lahat).

Dapat nating malaman na ang gayong heretikong paniniwala ay sumasalungat sa paniniwala sa Kataasan ng Allah na itinuturing bilang isang mahalaga o pangunahing paniniwala ng Ahlus-Sunnah wal-Jamaáh.

Ang pagtakwil [di-pagtanggap] sa Kataasan ng Allah ay isang aspeto ng paniniwala ng relihiyong Hinduismo na kung tawagin ay pantheismo [isang paganismong paniniwala na ang Diyos ay nasa lahat ng bagay]. Nguni't bilang mga Muslim, tayo ay nasasaklawan ng Aklat ng Allah (Qurán) at ng Sunnah ng Kanyang Sugo (ﷺ), at aking nararamdaman na tungkulin ko na ilantad

at pabulaanan ang maling paniniwalang ito hinggil sa mga Katangian ng Allah, at partikular na ang Kataasan ng Allah. Ako ay nagbigay ng mga sapat na malilinaw na katibayan na may kaugnayan sa paksa ng aklat na ito upang ang mga mambabasa ay magkaroon ng tamang pang-unawa at patatagin ang kanilang paniniwala nang ayon sa aral na napapaloob sa Banal na Qur'an at Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ). At nawa'y kanilang matatagpuan ito bilang kapaki-pakinabang. Ipinangako ng Allah na ang katotohanan ay lagi nang mangingibabaw.

Ang mga ginamit na patunay sa aklat na ito ay hango sa dalawang mapananaligang aklat: Ithbat Uluwu Allah, na akda ng yumaong si Usamah bin Yusuf Al-Qassas,[1] (Nawa'y kahabagan siya ng Allah at tanggapin siya sa Kanyang Firdaws). At ang isa pang aklat ay ang Al-Rahman alal Arsh Istawa ni Dr. Awadh Mansur.

Mahmud Rida Murad

1 Si Qassas ay pinatay [assassinated] ng isang sekta na ang paniniwala ng mga ito ay kanyang pinabulaanan sa kanyang **Ithbat Uluwa Allah** [Ang Katunayan ng Kataasan ng Allah. Nawa'y ipagkaloob sa kanya ang Habag ng Allah.



# SINO ANG ALLAH?

Ang Dakilang Allah ay Siyang tunay na Diyos, na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba, at Siya ay nabubuhay sa Kanyang Sarili, at sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng Mararangal at Banal na Pangalan at Katangian ng pagiging ganap.

Inilarawan ng Dakilang Allah ang Kanyang Sarili sa Kanyang Aklat, at sa pamamagitan ng Kanyang Sugo (ﷺ) ay inilarawan din ang Allah bilang Dakila, Maringal, at Kataas-taasan. Ang lahat ng mga naunang maalam ng Ahlus-Sunnah wal Jama'ah ay naniniwala at pinatutunayan ang lahat ng mga Katangian ng Allah na walang paglihis sa mga kahulugan ng mga ito, na ang Allah ay nakataas sa [ibabaw ng] pitong kalangitan, sa itaas ng Kanyang Arsh (Trono) at lubos na nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha.

Ang pagpapaliwanag tungkol sa Kataasan ng Allah ay batay sa mga patunay ng Qur'an at Sunnah ng Propeta Muhammad (ﷺ) at ang paniniwala rito ay bahagi ng likas na kaisipan na ipinagkaloob ng Dakilang Allah sa tao bilang Kanyang nilikha. Bagaman, ang paniniwala sa Kataasan ng Allah ay bahagi ng likas na kaalaman at likas na katangian ng tao, at hindi dapat ituring bilang kuru-kuro lamang, bagaman mayroong mga napalihis na sekta na isinaalang-alang ito bilang haka-haka at isang

pilosopiyang pangangatuwiran upang itakwil o tutulan ang matalinong katotohanan nito. Kanilang inilihis ang mga batayan o katibayan ng Qur'an at sinira ang mga kahulugan nito upang panindigan lamang ang kanilang maling paniniwala na ang Allah ay nasa lahat ng dako.

Ang lahat ng kadakilaan at banal na katangian ay tunay na nakaugnay sa Katangian ng Allah na lagpas sa karaniwang taglay ng isang nilikha, isang katangiang nangingibabaw sa lahat ng uri ng katangian, isang katangiang nakahihigit sa lahat ng katangian.

Samakatuwid, ang paniniwala sa mga ito ay nangangahulugan ng paniniwala na ang Allah ay walang hanggang nangingibabaw, lagpas at nakahihigit sa lahat, malaya sa anupamang uri ng pangangailangan. At ang pagtakwil sa mga ito ay nagpapahiwatig ng pagtakwil din sa Kanyang pagiging ganap o lubos. Sinuman ang naniniwala na ang Allah ay nasa itaas ng Kanyang Arsh (Trono), nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha ay nararapat ding maniwala sa iba pa Niyang Katangian, at ang mga kalangitan at ang kalupaan ay tumatalima sa Kanyang Kalooban, at Siya ang Kataas-taasang Rabb (Panginoon) ng lahat ng mga nilikha, Kanyang ginagawa ang anumang Kanyang nais at Siya ay naghahari o nagpapasiya nang ayon sa Kanyang Sariling nais.

Ang pagtakwil at di-pagkilala sa Kanyang Kataasan ay isang pangunahing tanda ng maling pananampalataya na itinataguyod ng mga Jahmites[1] at ng kanilang mga

1 Ang mga Jahmites ay mga tagasunod ni Jahm Ibn Safwan [d 128H/745AC],

tagasunod upang kanilang lituhin ang mga Muslim at sila ay iligaw mula sa tamang landas. Ang pagtakwil sa Katangian ng Allah bilang Kataasan ay nagpapahiwatig din ng pagtakwil sa Kanyang Katangian na Istiwa (pagtaas) sa ibabaw ng Kanyang Arsh (Trono). Walang alinlangan na ang pagtakwil sa mga Katangian ng Allah ay sumasalungat sa malinaw na Ayat [mga talata] ng Qur'an na kung saan ang mga natatangi at pangunahing Katangian at pinakamagagandang Pangalan ay binigyang-patunay.

Ang mga mahahalagang Katangian ng Allah ay siyang bumubuo ng isang makabuluhang bahagi ng Likas na Sariling Pagkakilanlan ng Allah at ang mga ito ay hindi idinagdag lamang. Ang mga ito ay tinanggap nang walang pagkukulang ng Ahlus-Sunnah na hindi gumawa ng anumang hinuha [o pala-palagay], at ng paghahalintulad. Kaya, ang pagtakwil at di-pagkilala sa mga ito ay malinaw na kalapastangan (blasphemy) at maling pananampalataya (heresy).

At ito ang dahilan kung bakit ang aklat na ito ay inihanda upang magbigay-linaw sa mga Katangian ng Allah, o sa katanungang "Nasaan ang Allah?" sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga katibayan batay sa Qur'an at sa mga mapananaligang Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ) at maging sa mga salaysay [o paliwanag] ng mga sinaunang Imam ng mga naunang mabubuting Muslim.

---

isang heretikong nagturo na ang Allah ay walang katangian at Siya ay nasa lahat ng lugar.



# NASAAN ANG ALLAH?

Ang Dakilang Allah ay nasa itaas ng Kanyang Arsh (Trono), sa ibabaw ng pitong kalangitan sa paraang naaangkop sa Kanyang Karangalan at Kamahalan (Kamaharlikaan).

## Ang Mga Katibayan Mula Sa Qur'an Tungkol Sa Kataasan Ng Allah

Ang Dakilang Allah ay nag-utos sa mga Muslim (mga naniniwala) na sumangguni sa Kanyang Aklat at sa Sunnah ng Kanyang Sugo (ﷺ) hinggil sa kanilang mga di-pagkakaunawaan o pagkakaiba.

At Siya ay nagsabi:

**{At sa anumang bagay na inyong pinagkaiba [o pinagtatalunan] - ang kapasiyahan nito ay [nararapat isangguni] sa Allah}. [Qur'an 42:10]**

At sinabi rin ng Dakilang Allah:

**{O kayong mga naniwala, sumunod kayo sa Allah at sumunod sa Sugo [Muhammad (ﷺ)], at sa mga pinunong kabilang sa inyo. At kung kayo ay hindi magkasundo hinggil sa anumang bagay, inyong isangguni ito sa Allah at sa [Kanyang] Sugo (ﷺ), kung [tunay nga na] kayo ay naniniwala sa Allah at**

**sa Huling Araw. Iyan ang pinakamabuting [paraan] at pinakamagandang pakahulugan [bilang paliwanag]}. [Qur'an 4:59]**

Samakatuwid, ang mga Salita ng Dakilang Allah at maging ang mga salita ng Kanyang Sugo (ﷺ) ay nararapat panaligan, at panghawakan bilang pangunahing batayan at walang pag-alinlangang pagpapasiya. Walang pasiya o hatol ang dapat mangibabaw o manaig nang higit kaysa sa Qur'an at Sunnah, maging ito man ay nauukol sa Istiwa (pagtaas) o anumang Katangian ng Allah.

Sa pamamagitan ng kanilang pagbibigay-diin sa sariling katuwiran upang maitatag ang kanilang inaakalang katotohanan, ang mga nangangatuwiran (rationalist) at mga makabago (modernist) ay nagpahayag ng pansariling katuwiran nang higit sa kapahayagan ng Qur'an. Samantalang ang konseptong nauukol sa Kataasan ng Allah na maliwanag na nakatala sa Qur'an at Sunnah ay nakahihigit kaysa sa makasariling katuwiran.

Salungat sa mga rationalists, ang mga tunay na naniniwala ay naniniwala na ang Arsh (Trono) ng Allah ay nasa ibabaw ng pitong kalangitan. Sila ay naniniwala rin na nang likhain ang pitong kalangitan at kalupaan at ang anumang nakapaloob sa mga ito, ang Dakilang Allah ay pumaitaas sa Kanyang Dakilang Arsh (Trono). Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

**{Luwalhatiin mo ang Ngalan ng iyong Panginoon, ang Kataas-taasan}. [Qur'an 87:01]**

Ang katagang **'Kataas-taasan'** sa dalubwikang kahulugan ay nasa pasukdol na antas[1] na nagpapahiwatig na ang Allah ay sukdulan at pinakamataas [nasa kataluktukang antas], Siya ang katayug-tayugang nakahihigit sa lahat ng bagay at Siya ay kataas-taasan nang higit sa lahat ng mga nilikha sa kapangyarihan, at kakayahan. At Siya ay hindi mapangingibabawan, at hindi madadaig kailanman.

Sa pamumuna sa nabanggit na Ayah sa itaas, si Ibnul Qayyim [naway kahabagan siya ng Allah] ay nagsabi:

**"Lahat ng mga Muslim noong mga nagdaang panahon at maging sa kasalukuyan ay itinataas ang kanilang mga kamay sa dakong kalangitan kapag sila ay nananalangin sa Allah at humihingi ng tulong. Hindi nila ibinabaling ang kanilang mga kamay sa dakong ibaba ng lupa, hindi nila ibinabaling ang kanilang mga kamay sa kanan o kaliwa o sa alinpamang direksiyon. Kanilang itinataas ang kanilang mga kamay, sapagka't kanilang nababatid na ang Allah ay nasa kanilang itaas. At sa kanilang pagdarasal, kanilang sinasabi sa oras ng kanilang pagpapatirapa:**

**Subhaana Rabbiyal A'la** [Luwalhati, sa aking Rabb (Panginoon), ang Kataas-taasan [Malayo sa anumang kakulangan o kapintasan].

---

1 Pasukdol na Antas (Superlative level).

Kung ang Dakilang Allah ay nasa lahat ng dako, tulad ng paniniwala ng mga nangaligaw na sekta, samakatuwid ang naturang Ayah [Qur'an 87:01] na binanggit sa itaas ay nararapat na bigyan ng pakahulugan nang ganito: **Luwalhatiin ang inyong Panginoon na nasa inyong paligid, na nasa inyong ibaba, o na nasa bawa't dako, kaysa sa pagsasabi ng 'Ang Kataas-taasan'**.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kanilang kinatatakutan ang kanilang Panginoong nasa kanilang [dakong] itaas, at kanilang ginagawa ang anumang ipinag-utos sa kanila}. [Qur'an 16:50]**

Ang tinutukoy sa Ayah ay mga anghel na nasa itaas natin, at sa itaas naman ng mga anghel ay naroroon ang ating Panginoong [Allah] - Siya ang Dakila na nagbibigay ng mga pagpapala at biyaya. Upang walang maiwang alinlangan, pinatunayan ng Allah sa pamamagitan ng Ayah na ito na Siya ay nasa itaas ng mga anghel na naninirahan sa mga kalangitan.

**{Ang Mahabagin[1] ay pumaitaas sa Kanyang [marangal na] Trono}. [Qur'an 20:05]**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi rin:

**{Katotohanan, ang inyong Panginoon ay ang Allah Na**

---

1 Ang salitang 'istawa' bagaman na ito ay literal na isinalin sa tagalog bilang pumaitaas, ito ay hindi maaaring ihambing sa karaniwang pagtaas na ginagawa ng isang nilikha. Maaari nating sabihin na ang Dakilang Allah ay pumaitaas sa Kanyang Marangal na Trono nang ayon sa paraang angkop sa Kanyang Kapangyarihan at Kadakilaan bilang Tanging Nag-iisang Diyos.

**Siyang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na araw. Pagkaraan, Siya ay pumaitaas sa [Kanyang] Trono.[1] Kanyang tinatakpan ang gabi ng araw - matuling sinusundan ito, at [Kanyang nilikha] ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, [ang mga ito ay] itinalaga sa pamamagitan ng Kanyang kautusan. Walang alinlangan, nasa Kanya ang [kapangyarihan ng] paglikha at pag-uutos. Mapagpala ang Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha}. [Qur'an 7:54]**

**{Kayo ba ay nakadarama ng katiwasayan na Siya na [may tangan ng kapangyarihan] sa kalangitan ay hindi magtutulot na kayo ay lamunin ng lupa kapag ito ay biglang umuga? O kayo ba ay nakadarama ng katiwasayan na Siya na [may tangan ng kapangyarihan] sa kalangitan ay hindi magpapadala laban sa inyo ng isang unos ng bato? Magkagayon inyong mapag-aalaman kung gaano [katindi] ang Aking babala}. [Qur'an 67:16-17]**

Ang mga bantog [kilalang] tagapagpaliwanag at mga manunuri ay nagkasundo at nagkaisa sa paniniwala na ang Nag-iisang nasa itaas [o nasa ibabaw] ng mga kalangitan ay walang iba kundi ang Allah na pumaitaas sa Kanyang Arsh (Trono) sa paraang angkop sa Kanyang Kadakilaan.

1 Nang ayon sa paraang angkop sa Kanyang Kadakilaan.

# ANG WALANG KATIYAKANG PAGTATALO

Ang pinagbatayan niyaong mga naniniwala na ang Allah ay nasa lahat ng dako ay ang Ayah [talata] na nagsasabing:

**{At Siya ang Allah [ang tanging Diyos] sa mga kalangitan at sa kalupaan; Kanyang nababatid ang inyong ipinaglilihim at ang inyong inilalantad, at Kanyang nababatid ang anumang inyong pinagsumikapan [mabuti man o masama]}. [Qur'an 6:03]**

Ayon kay Imam Zainuddin Al-Karmi ang kahulugan ng Ayah na ito ay:

Siya ang Nag-iisang pinangalanan sa mga kalangitan at sa kalupaan sa pangalang Allah. Siya ay pinangalanan nang ganitong pangalan sa mga kalangitan at kalupaan, tulad ng isang nagsasabing, Ang **Ka'bah** ay kilala bilang **Banal na Bahay [dalanginan]** sa mga kalangitan at sa kalupaan, o si ganito o si ganun ay pinuno ng lungsod na ito o ng ganoong lungsod. Ang gayong matalinhagang salita ay karaniwang matutunghayan sa wikang Arabik.

Maaari nating sabihin na ang Dakilang Allah ay sinasamba sa mga kalangitan at sinasamba rin sa kalupaan. Iyan ay upang sabihin ng mga naninirahan sa mga kalangitan ay

sumasamba sa Kanya at ng mga naninirahan sa kalupaan ay sumasamba rin sa Kanya.

Kung ipinakahulugan ng Allah na Siya ay nasa mga kalangitan at nasa kalupaan sa Kanyang Sarili, ang Ayah ay maaaring ipakahulugan nang ganito : [Siya ay nasa mga kalangitan at sa kalupaan]. Dapat nating tandaan na ang pangalang Allah ay nangangahulugan na Siya ang Nag-iisang sinamba [o sa wikang arabik **Ma`looh**]. Kaya ang Ayah ay maaaring ipakahulugan nang ganito **[Siya ang sinamba sa mga kalangitan at sinamba sa kalupaan].**

Yaong mga nagtatakwil sa paniniwalang ang Allah ay nasa itaas sa Kanyang Arsh (Trono) ay ginamit ang Ayah na ito bilang isang di-tiyak na pangangatuwiran. Sa kanilang pangangatuwiran, kanilang pinabulaanan ang katotohanan na ang Ayah na ito ay tumutukoy sa Kaalaman ng Allah at hindi sa Kanyang Kasarilinan.

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi :

**{Hindi mo ba isinaalang-alang na nababatid ng Allah ang anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan[*]? Walang anumang sarilinang pag-uusap ang tatlo na hindi Siya ang ika-apat sa kanila [ayon sa Kanyang Kaalaman], o ang lima na hindi Siya ang ika-anim sa kanila - at hindi kukulangin diyan o humigit pa maliban na Siya ay nasa sa kanila [sa kaalaman] saanman sila naroroon. Pagkaraan, sa Araw ng**

**Pagkabuhay na Muli, Kanyang ipababatid sa kanila ang anumang kanilang ginawa. Katotohanan, ang Allah ay Maalam ng bawa't bagay}. [Qur'an 58:07]**

Ayon sa mga bantog [kilalang] tagapagpaliwanag sa Ayah, ito ay nangangahulugan na ang Kaalaman ng Allah ay sumasaklaw o sumasakop sa lahat ng bagay - sa mga kalangitan man at sa kalupaan. Ang nabanggit na kaalaman ay binigyang-linaw sa pamamagitan ng pag-ulit sa sugnay[1], **'Kanyang nababatid'**, dalawang ulit sa Ayah na ito na ang ibig sabihin, **Nababatid ng Dakilang Allah ang nakatago at ang nakalantad.**

Kung ang kahulugan ng Ayah ay nagwakas sa salitang **'kalupaan[*]'**, ang kanilang lihis na katuwiran ay maaaring isaalang-alang nguni't ginawa ng Dakilang Allah na maging lubhang malinaw - na ang Kanyang Kaalaman at hindi ang Kanyang Sarili ang sumasaklaw o sumasakop sa lahat ng bagay.

Ang nabanggit na Ayah sa itaas, ayon sa kanilang pagsalungat, ay nagpapahiwatig na ang Allah ay sadyang nasa lahat ng lugar. Si Ibn Kathir, isang bantog na tagapagpaliwanag, ay kanyang pinabulaanan ang katuwirang ito at kanyang sinabing:

**"Ang Ayah na ito ay nangangahulugan na naririnig ng Allah ang anumang namumutawi sa kanilang mga**

1 Independent Clause sa tagalog ay sugnay.

**bibig at ang kanilang sarilinang pag-uusap at ang anumang kanilang inaakala [o iniisip].”**

Si Al-Qurtubi ay nagbigay-puna rin sa Ayah na ito at nagsabing:

**“Nababatid at naririnig ng Allah ang kanilang mga sarilinang usapan. Ito ay katibayan na nagpapatunay na ang Kaalaman ng Allah ang siyang nagbibigay-patotoo sa simula at wakas ng Ayah (talata) na ito.”**

## Al-Qasimi

Ang mga maalam na kabilang sa mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) na nagpalaganap sa kahulugan ng Qur’an sa kanilang mga kahalili ay pinanindigan ang Ayah na ito sa tunay na kahulugan - na ang Allah ay nasa itaas ng Kanyang Arsh, at gayon pa man ang Kanyang Kaalaman ay sumasaklaw at sumasakop sa lahat ng bagay.

Ang lingguwistikong pagsusuri sa Ayah (talata) na ito ay nagpatunay sa mga sumusunod na paksa:

1. Ang panimulang mga salita ng Ayah sa itaas ay nagpapatunay sa Kaalaman ng Allah at hindi ng Kanyang kinaroroonan.
2. Ang sarilinang usapan o mga lihim na pakikipag-usap ang siyang buod na paksa ng Ayah.

   Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Walang anumang sarilinang pag-uusap ang tatlo na hindi Siya ang ika-apat sa kanila [ayon sa Kanyang Kaalaman] o ang lima na hindi Siya ang ika-anim sa kanila - at hindi kukulangin diyan o humigit pa maliban na Siya ay nasa sa kanila [sa kaalaman] saanman sila naroroon. Pagkaraan, sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, Kanyang ipababatid sa kanila ang anumang kanilang ginawa. Katotohanan, ang Allah ay Maalam ng bawa't bagay}. [Qur'an 58:07]**

Kaya ang kahulugan ay naging malinaw na ang Kaalaman ng Allah ay sumasakop at sumasaklaw sa lahat ng Kanyang mga nilikha.

3 Pinatutunayan ng Allah na Kanyang ipababatid sa kanila ang kanilang mga lihim na usapan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli.

4 Ang Ayah na ito ay nagwakas sa pagpapatunay ng Kaalaman ng Allah.

5 Sinimulan ng Allah ang Surah Al-Mujadalah [Surah 58 ng Qur'án] na kung saan ang paksa sa naturang Ayah ay bahagi nito:

**{Katotohanan, narinig ng Allah ang pagsasalita ng isang[1] nakikipagtalo sa iyo [O Muhammad (ﷺ)] hinggil sa kanyang asawa[2] at tahasan niyang**

1 Ito ay ang babaing si Khawlah bint Tha'labah.

2 Si Aus Ibn Al-Samit

**iniluhog ang kanyang karaingan sa Allah. At naririnig ng Allah ang pag-uusap ninyong dalawa. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Lubos na Nakakikita}. [Qur'an 58:01]**

Sinabi ng Dakilang Allah na Kanyang narinig ang babae na dumaraing sa Sugo ng Allah (ﷺ), at katiyakang Kanyang narinig ang kanyang pakikipagtalo sa kanyang asawa nguni't hindi sinabi ng Dakilang Allah sa Ayah na Siya ay nasa kanilang tabi.

6 Binigyang-diin ng Allah sa kasunod na Ayah na "Kanyang nababatid nang ganap ang mga gawain ng Kanyang mga alipin.

Kung ang isang tao ay naniniwala na ang Allah ay sadyang nasa lahat ng dako, nangangahulugan din na Siya ay naroroon o nananahan sa mga maruruming lugar. Ang isang hindi matino sa pag-iisip ang magkakaroon lamang ng lakas ng loob na ibintang ang gayong katangian. Ang Allah ay sadyang malayo at malaya mula sa anumang kanilang [maling] inilalarawan o [maruming bagay na] iniaakibat sa Kanya.

Kaalinsabay nito, maaari rin sabihin na ang Allah ay nakikihalubilo o nakikisama sa Kanyang mga nilikha sa mga kalangitan at kalupaan. Ang gayong paniniwala ay

naghahatid para sa lihis na paniniwala ng **pantheismo,**[1] **at ito ay nagtataguyod sa kathang-isip na ang Diyos ay nagkatawang-tao na sadyang tunay na ito ay lihis sa paniniwala ng mga Muslim.**

Ito ay nararapat na maging malinaw sa kaisipan ng mga tunay na naniniwala na walang bagay ang maaaring sumaklaw o sumakop sa Dakilang Allah at walang lugar na maaari Siyang lumagay. Ang mga lugar at mga bagay ay mga nilikha at ang Allah ay nakataas [o nakaibabaw] sa lahat ng Kanyang mga nilikha at Siya ay nakahiwalay mula sa kanila. Lahat ng mga nilikha ay nangangailangan sa Kanya, samantalang Siya ay walang pangangailangan sa sinuman o sa anupaman.

---

1 Ang pantheismo ay paniniwala na ang Allah at ang sanlibutan ay binubuo ng Isa lamang na sadyang salungat sa pangunahing paniniwala ng Tawheed [Kaisahan ng Allah] at pagiging hiwalay sa Kanyang mga nilikha tulad ng pagbibigay-diin at pagpapahalaga ng Ahlus-Sunnah wal-Jama’ah.



# ANG KALANGITAN AY QIBLAH (DIREKSIYON) NG DU'A (PANALANGIN)

Ang mga Muslim ay nananalangin sa Dakilang Allah na ang kanilang mga palad ay nakataas, sapagka't sila ay naniniwala na ang Allah ay nasa ibabaw ng mga kalangitan. Kapag hinarap sa ganitong paksa, yaong mga di-naniniwala o nagtatakwil sa Kataasan ng Allah ay nagsasabi na ang mga Muslim ay nananalangin sa ganitong pamamaraan [nakataas ang mga palad] lamang, sapagka't ang langit ay Qiblah ng Duá [o panalangin].

Ang naturang alegasyon ay walang batayan sa Qurán at Sunnah at hindi maaaring iugnay sa sinumang kasamahan ng Propeta (ﷺ) ni sa isa sa mga Tabiéen na pumalit sa kanila. Walang binanggit ng ganitong pahayag sa Qurán at sa Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ang usapin hinggil sa Qiblah ay pinakamahalaga sa relihiyon ng Islam. Kung ang kalangitan ay siyang Qiblah ng Duá [panalangin], bawa't Muslim ay nakakabatid nito at ang mga iskolar ng Muslim Ummah [pamayanan] ay tiyak na nababatid ito.

Nguni't ang katotohanan nito, ang Ka'bah ay siyang tanging Qiblah [direksiyon] ng pagdarasal at maging ang Duá at panalangin. Itinuturing bilang isang hayagang Bidáh [pagbabago sa aral ng Islam] ang ipahayag na ang

langit ay Qiblah [direksiyon] ng panalangin. Ito ay sadyang hindi kinikilala at tinatanggap ng pamayanang Muslim, sapagka't ito ay maliwanag na paglabag at paglihis sa Qurán, sa Sunnah, at sa pangkalahatang pamamaraan ng mga Muslim. Ang mga Muslim ay mayroon lamang isang Qiblah, at ito ay ang Ka'bah.

Ang Qiblah ay direksiyon na kung saan ang mga Muslim ay humaharap habang nagsasagawa ng Salah (pagdarasal). Kung ang mga kalangitan ay siyang Qiblah, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay inutusan na sanang humarap dito sa kanilang pagdarasal. Nguni't ito ay taliwas sapagka't ang mga Muslim ay pinagbabawalang tumingin sa itaas habang nagdarasal, bagkus sila ay nakatuon sa lapag na kanilang pagpapatirapaan ng kanilang noo sa oras ng pagsubsob.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbabala:

**"Hayaan yaong mga tumitingin sa itaas habang nagdarasal na magsitigil sa gawaing ito [ang pagsulyap sa itaas habang nagdarasal] baka sila ay mabulag.**[1]

Ang Qurán ay hindi nagbigay ng anumang pahayag para sa gayong haka-haka lamang. Ang Dakilang Allah ay nag-utos sa Kanyang Sugo (ﷺ) at sa kanyang Ummah (mamamayan) na humarap sa Ka'bah sa oras ng pagdarasal, at nagsabing:

**{At kahit saan ka mang pook lumalabas [para sa**

---

1 Imam Al-Bukhari, Imam Muslim, at iba pa.

**pagdarasal], ibaling mo ang iyong mukha sa dakong kinaroroonan ng Masjid Al Haram…}. [Qur'an 2:150]**

Pagkaraan, ang Dakilang Allah ay nag-utos sa Muslim Ummah na:

**{At kahit saan ka mang pook lumalabas [para sa pagdarasal], ibaling mo ang iyong mukha sa dakong kinaroroonan ng Masjid Al Haram…}. [Qur'an 2:150]**

Ang mga sumusunod na Ayat [talata ng Qurán] ay nagpapatunay rin sa Kataasan ng Allah:

**{…Sa Kanya pumapaitaas ang mga mabubuting salita, at ang matwid na gawa ang nagtataas nito. Nguni't yaong mga nagbabalak ng kasamaan - para sa kanila ay isang matinding parusa. At ang pagbabalak niyaon ay maglalaho}. [Qur'an 35:10]**

Ang Ayah na ito ay naglalaman ng malinaw na Salita ng Allah na ang pandiwang '**pumapaitaas** ay ginamit bilang pagpapahiwatig na ang Allah ay nasa itaas [nakaibabaw sa Kanyang mga nilikha], samakatuwid ay nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha. Ang pag-akyat ng mga gawa ng tao [mabuti man o masama] ay pinatunayan din sa pamamagitan ng mga salita ng Sugo ng Allah (ﷺ), inilalarawan nito ang mabuting katangian ng oras na tumatapat pagkaraan ng katanghalian. Siya (ﷺ) ay nagsabi: **"Ito ang oras na ang mga pintuan ng mga kalangitan ay nakabukas, at sa mga oras na ito ako ay**

**umaasa na ang aking mabuting gawa ay umakyat sa [kinaroroonan ng] Allah."**

Ang pandiwang **"umakyat"** sa talatang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mabubuting gawa ay pumapaitaas sa Dakilang Allah.

Ang Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

**{Ang mga anghel at ang Espiritu (Anghel Jibreel [Gabriel]) ay umaakyat sa Kanya, sa loob ng isang araw na ang tagal [nito] ay [abot sa] limampung libong mga taon}. [Qur'an 70:04]**

Ang malaking agwat [o layo] na humihiwalay sa mga anghel na naninirahan sa mga kalangitan mula sa kanilang Rabb [Panginoon] nasa kanilang itaas ay nagpapatunay ng Kataasan ng Allah bilang Tagapaglikha. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kanyang isinasaayos ang [bawa't] pag-uutos mula sa kalangitan tungo sa kalupaan; pagkaraan, ito [ang pag-uutos] ay aakyat patungo sa Kanya, sa isang Araw, na ang sukat ay isang libong taon ng inyong pagbibilang}. [Qur'an 32:05]**

Dapat din alalahanin na ang Ayah na ito ay sinusundan ng mga Salita ng Allah, Siya ay pumaitaas sa ibabaw ng Kanyang Arsh. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{[Tandaan mo! O Muhammad (ﷺ)] nang sabihin ng**

**Allah: "O `Isa (Hesus), katotohanan, ikaw ay Aking kukunin at ikaw ay itataas sa Akin…}. [Qur'an 3:55]**

At sapagka't ang Allah ay nagsabi kay `Isa (Hesus): **"Ikaw ay Aking itataas sa Akin"** ano ang maaaring isagot niyaong mga naniniwala na ang Allah ay nasa lahat ng dako kapag sila ay tinanong: **"Nasaan si Isa (Hesus) ngayon?"** Sila ay maaaring sumagot na: **"Siya ay nasa lahat ng lugar o siya ay nasa kalangitan."** Kung sila ay nagsasabi na si Isa (Hesus) ay nasa lahat ng dako [o lugar], magkagayon, sila ay tumalikod nang lubusan sa Islam, sapagka't kanilang ipinapantay si Isa (Hesus) sa Dakilang Allah nang ayon sa kanilang paniniwala na ang Allah ay nasa lahat ng dako [o lugar]. Ito ay isang paniniwala na kahalintulad ng Kristiyanismong paniniwala na ang Diyos ay nagkatawang-tao. Subali't kung sila ay nagsabi na si Isa (Hesus) ay nasa kalangitan, kanilang tinatanggap na itinaas si Isa (Hesus) ng Dakilang Allah sa kalangitan, at ang Allah ay nakataas sa [ibabaw ng] mga kalangitan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, ang inyong Panginoon ay ang Allah na Siyang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na araw. Pagkaraan, Siya ay pumaitaas (Istiwa)[1] sa [Kanyang] Trono}. [Qur'an 7:54]**

1 Ang salitang Istawa ay hinango mula sa pandiwang Sawiya at ang ayos pagkahango nito na pumaitaas sa Arsh. Ang mga Ashárites, Muta'zilites, Jahmites at yaong mga pinaninindigan ang kanilang paniniwala ay pinaghahawakan na ang katangian ng Istiwa bilang simboliko lamang samantalang ang Ahlus-Sunnah ay tinatanggap ito at ang ibang mahahalaga ng Katangian ng Allah sa literal na kahulugan, ngunit hindi nagbibigay na pala-palagay na konklusiyon.

Ito ang isa sa pitong Ayat na kung saan ay tinutukoy ng Allah ang Kanyang Istiwa [pagtaas] sa Kanyang Arsh. Ang Ahlus-Sunnah ay nakatitiyak na ang Dakilang Arsh ng Allah ay nakaibabaw sa itaas ng pitong kalangitan. Sila ay naniniwala na pagkaraang likhain ng Allah ang kalupaan at ipinagkaloob dito ang kabuhayan, ang Allah ay pumaitaas sa ibabaw ng Kanyang Dakilang Arsh.

Yaon lamang mga salungat sa tamang paniniwala, ang kumikilala sa mga Ayat bilang mga talinhaga [o allegorikal]. Sila ay nagsabi na ang Allah ay nasa lahat ng dako [o lugar], at kanilang itinatakwil na Siya ay nasa itaas ng Kanyang Arsh. Ang Allah ay Dakila at malayo sa anumang kanilang maling ipinapalagay.

Ang pagbanggit sa lahat ng Ayat ay nagpapahiwatig na Katangian ng Allah bilang Kataasan ay karagdagan lamang sa kabuuang dami ng aklat na ito. Mayroong 215 mga Ayat sa Qurán na naglalaman ng mga pandiwang ibinaba [o ipinahayag] sa Qurán, mga naunang kasulatan o ang mga anghel. Ginagamit ng Allah ang maraming iba pang pandiwa na nagpapahiwatig ng Kanyang Kataasan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, ibinaba [o ipinahayag] Namin ito [ang Qur’an] sa gabi ng kapasiyahan}. [Qur’an 97:01]**

At sinabi rin Niya:

**{Katotohanan, Aming ibinaba [o ipinahayag] ito sa**

**pinagpalang gabi. Katotohanan, Kami ay lagi nang nagbababala [sa sangkatauhan]}. [Qur'an 44:03]**

At sinabi rin Niya:

**{Ito ang Surah [kabanata] na Aming ibinaba [o ipinahayag] at [ito ay] ginawa Namin bilang isang tungkulin…}. [Qur'an 24:01]**

Ang mga Ayat [talata ng Qurán] na nabanggit sa itaas at marami pang mga Ayat na nagpapatunay sa katotohanan na ang Dakilang Allah ang Siyang Nag-iisang nagbaba ng Kanyang Aklat [ng kapahayagan] sa Kanyang mga Sugo tulad ng nakasaad sa mga sumusunod na talata [o Ayat]

**{At nakikita niyaong mga pinagkalooban ng kaalaman na ang anumang ibinaba [o ipinahayag] sa iyo [O Muhammad (ﷺ)] mula sa iyong Panginoon ay siyang katotohanan, at ito ay nagpapatnubay tungo sa Landas ng Ganap na Makapangyarihan, ang Kapuri-puri}. [Qur'an 34:06]**

Ang gayong mga tao ay nakatitiyak na anumang ibinaba kay Propeta Muhammad (ﷺ) sa Aklat [Qurán] at sa Sunnah ay tunay na ibinaba sa kanya mula sa kanilang Rabb sa itaas ng Kanyang Arsh. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Ang [lahat ng] papuri ay sa Allah na Siyang nagbaba [o nagpahayag] sa Kanyang alipin [si Muhammad (ﷺ)] ng Aklat [Qur'an]…}. [Qur'an 18:01]**

At ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At katotohanan, marami ang umaakay [sa iba] sa**

**pagkaligaw sa pamamagitan ng sarili nilang pagnanasa nang walang [tamang] kaalaman. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Lubos na Nakababatid sa mga mapanlabag}. [Qur'an 6:119]**

Batay sa nabanggit sa itaas, yaong mga nagtakwil sa Kataasan ng Allah na sinusunod lamang ang kanilang sariling pagnanasa ay nagtatakwil din na ang Allah ay nasa itaas ng Kanyang Arsh, sa ibabaw ng pitong kalangitan, ay hindi lamang mga mangmang sa kanilang Panginoon, sila ay maituturing din bilang mga mapanlabag. Ang Dakilng Allah ay nagsabi:

**{Siya ang Una[1] at ang Huli,[2] ang Hayag[3] at ang Nakakubli.[4] At Siya ay Maalam sa lahat ng bagay}. [Qur'an 57:03]**

Pinatunayan ng Allah sa Ayah na ito na Siya ay malapit sa tao at ang Kanyang walang hanggang kaalaman ay sumasaklaw at sumasakop sa lahat ng bagay.

---

1 Siya ang Una, na walang sinuman o anuman ang una sa Kanya.

2 Siya ang Huli, na walang sinuman o anuman ang magiging huli sa Kanya.

3 Ang ibang kahulugan nito ay; "ang Nangingibabaw." Walang sinuman o anuman ang makapangingibabaw sa Kanya.

4 Ang ibang kahulugan nito ay "ang di-Mapangingibabawan" mula sa pisikal na kakayahan ng tao. Walang sinuman o anuman ang makapangingibabaw sa Kanya.

# ANG WALANG KATATAGANG KATUWIRAN

Upang kanilang mapangatuwiranan ang kanilang kalapastanganan, kanilang pinagbatayan ang isang salita mula sa Hadith na kung saan inilarawan ng Sugo (ﷺ) ang Allah bilang malapit sa tao. Ginamit nila ito sa maling pakahulugan upang patunayan na ang Allah ay naroon sa lahat ng lugar bilang walang katatagang pamamaraan ng paliwanag.

Ang sumusunod ay ang kabuuang kahulugan ng Hadith:

**"Sa isang pagkakataon, kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang isang pangkat ng kanyang mga kasamahan sa isang paglalakbay habang sila ay bumibigkas ng "Allaahu Akbar" nang malakas. Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanila: Kayo ay maging mahinahon. [Sapagka't] kayo ay hindi nananawagan sa Isang bingi o wala rito. Ang inyong tinatawagan ay higit na malapit sa sinuman sa inyo kaysa sa leeg ng kanyang [alagang] hayop. Ang inyong tinatawagan ay lubos na nakaririnig, ang malapit."**[1]

Sadyang napakalinaw nang pagkakasabi ng Sugo ng Allah (ﷺ). Wala siyang ibig sabihin na ang Allah ay malapit sa kanila sa Kanyang Sarili, kundi ang Allah ay malapit sa

1 Imam Al Bukhari, Imam Muslim at iba pa.

kanila sapagka't Siya ay Ganap na Nakaririnig at Maalam. Hindi niya maaaring ipakahulugan na ang Allah ay nasa lahat ng dako [o lugar]. Sapagka't nang kanilang inilalakas ang kanilang mga tinig ng "Allaahu Akbar", ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa kanila na ang kanilang tinatawagan ay nakaririnig sa kanila sa anumang kaparaanan.

Kanilang naipagkamali ang salita ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa ibang kahulugan:

**"Ang isang alipin ay higit na malapit sa kanyang Rabb (Panginoon) habang siya ay nakapatirapa."**[1]

Sila ay nangangatuwiran na ang maliwanag na kahulugan ng Hadith na ito ay nagsasaad na ang Allah ay nasa loob o nasa ilalim ng lupa, at dahil dito anumang oras na naisin ng tao na maging malapit sa Kanya, sila ay nagpapatirapa!

Ang Hadith na ito ay nagpapahiwatig ng mabilis na pagtugon ng Allah sa Kanyang alipin na nananalangin sa Kanya habang siya ay nakapatirapa, na ang kanyang pagiging malapit sa Allah ay maaaring mapanatili sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya at pagpapakumbaba ng sarili sa Kanyang harapan bilang isang paraan ng pagkakamit ng Kanyang kasiyahan at lugod. Ang higit na pagiging matapat ng isang alipin na isinusuko ang sarili sa harap ng kanyang Rabb, ang higit niyang pagpipitagan sa Kanya, ay napapalapit sa Kanya nang higit.

---

1 Imam Ahmad, Imam Muslim at iba pa.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng paliwanag hinggil sa Hadith na ito na ang pagsamba ang siyang nangungunang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng isang alipin [tao] at ng kanyang Rabb [Panginoon], na ang pagpapakumbaba at pagsuko ay maaaring panatilihin nang mabuti sa pamamagitan ng pagpapatirapa.

Sa madaling salita, ang pagpapakumbaba at pagsuko ay naghahatid sa tao nang higit na pagiging malapit sa Kanyang Panginoon, at nakatutulong ito upang siya ay tanggapin bilang isang alagad ng Allah na siyang higit na naaangkop para sa pagtugon ng Allah [sa kanyang mga panalangin at pagsusumamo]. Kaya, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtagubilin sa kanyang mga tagasunod na:

**"Magsumamo [o manalangin] nang mataimtim [at] masigasig habang nakapatirapa]."**

Sila ay nagsasabi rin na mayroong mga kinikilalang katibayan na ang Allah ay nasa lahat ng dako batay sa Hadith Qudsi na kung saan sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ) na ang Allah ay nagsabi:

**"Ako ay malapit sa Aking alipin tulad ng kanyang pag-aalala sa Akin, at Ako ay nasa kanya kapag siya ay nakaaalala sa Akin; Kung siya ay nakaaalala sa Akin, siya ay Aking naalala, at kung siya ay bumabanggit sa Akin sa pagtitipon, siya ay Aking binabanggit sa isang higit na mabuting pagtitipon at kung siya ay lumapit**

**sa Akin sa agwat ng isang dangkal ng kamay, siya ay Aking nilalapitan sa agwat ng isang dipa. At kung siya ay lumapit sa Akin sa agwat ng isang dipa, siya ay Aking nilalapitan sa [agwat ng] anim na talampakan. At kung siya ay lumalapit sa akin nang lumalakad, Ako ay lumalapit sa kanya nang matulin."[1]**

Kanilang sinasabi [o pinangangatuwiranan] na kung kanilang kuhanin ang maliwanag na kahulugan ng naturang Hadith sa itaas, sila ay nagsasabi na ginagawa ng Dakilang Allah ang lahat ng gayong mga kilos. Hindi mapag-aalinlanganan na ang mga Salita ng Allah [Ako ay nasa kanya] ay hindi nagsasaad ng isang nagbibigay-kabatirang paglalahad bagkus ng isang kondisyon na sinusundan ng isang sugnay bilang pagpapaliwanag [kung siya ay nakaaalala sa Akin]. At kung nais ng Dakilang Allah na sabihin na Siya ay nasa Kanyang alipin sa mismong Sarili Niya, hindi na kailangan pang magdagdag ng sugnay na [kung siya ay nakaaalala sa Akin]. Nguni't dahil sa karagdagang sugnay na ito, naging malinaw na ang Kanyang pagiging malapit sa Kanyang mga alipin ay nagpapahiwatig ng Kanyang pagtulong at pangangalaga sa kanya sa kondisyon na ang isang alipin ay nararapat na nagbibigay alaala sa Kanya. Kaya kung ang isang alipin ay nakaaalala sa Kanyang **Rabb** [Panginoon] at nagtitiwala sa Kanya, siya ay makaaasa ng tulong, pagdamay at siya

1 Imam Al Bukhari, Imam Muslim at iba pa.

ay hindi pababayaan ng Allah. Sa madaling salita, sa pagiging malapit ng isang alipin sa kanyang Rabb, higit na pagtulong ang Kanyang maaaring maipagkaloob sa kanya.

Yaong mga nagtatakwil [at hindi naniniwala] na ang Dakilang Allah ay nasa Kanyang Arsh, sa kaitaasan [at nakaibabaw] sa pitong kalangitan ay nagsasabi na ang Hadith Qudsi na binabanggit sa ibaba ay nagpapatunay din sa kanilang lihis na paniniwala:

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi na ang Allah ay nagsabi:

**"Sinuman ang napopoot sa Aking Wali [mabuting alipin o alagad], ipagbigay-alam sa kanya ang isang digmaan [laban sa Akin.] Walang anupamang bagay na ginagawa ng Aking alipin nang higit na nakalalapit sa Akin, nang higit na nakalulugod sa Akin kaysa sa pagsasagawa ng mga obligadong gawain ng pagsamba na Aking iniaatang sa kanya. Ang Aking alipin ay nananatiling malapit sa Akin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang siya ay Aking mahalin, Ako ang kanyang [magiging] pandinig, at kanyang paningin na kanyang ipinantitingin, at kanyang kamay na kanyang pinanggagawa at kanyang paa na kanyang pinanglalakad. At kung siya ay humiling sa Akin, siya ay Aking pagkakalooban at kung siya ay hihingi sa Akin ng pangangalaga, siya ay Aking pangangalagaan. Hindi Ako tumatangging gumawa ng isang bagay na**

**nais Kong gawin tulad ng Aking pagtanggi sa pagkuha ng buhay ng isang naniniwala; kinamumuhian niya ang kamatayan at kinamumuhian Ko rin ang kanyang pagdaramdan o paghihinakit."[(1)]**

Sila ay nakikipagtalo na: "Ang maliwanag na kahulugan ng naturang Hadith sa itaas ay nagsasabi na ang Allah ay ang pandinig, ang paningin ng isang alipin, maging ang kanyang kamay at paa, subali't ito ay isang bagay na hindi sinasang-ayunan ng mga Muslim."

Ang wasto at mahusay na pagpapaliwanag ng Hadith na ito ay nahinuha mula sa pag-aakala o hinuhang pakahulugan at hindi mula sa mga pananalita nito. Ang Allah ay nagsabi: **{Sinuman ang napopoot sa Aking Wali, ipagbigay-alam sa kanya ang isang digmaan [laban sa Akin}.** Ang pangungusap na ito ay tumatayo bilang malaking katibayan ng tunay na pagpapaliwanag ng Hadith. Ang Dakilang Allah ay nagtataguyod ng isang digmaan laban sa mga kaaway ng Kanyang mga mabubuting alipin, sapagka't Kanyang sinabi:

**"Katotohanan, yaong mga mabubuti lamang ang [Kanyang itinuturing bilang] Kanyang Auliya."[(2)]**

Kaya, bawa't Muslim na tunay na may takot sa Allah, masunurin, at nagmamahal sa Kanya ay kabilang sa

1 Imam Al Bukhari

2 Awliya' [pang-maramihan ng Wali]. Ang malapit na kahulugan ay mga mabubuting alipin at tagasunod, alagad, kapanalig, at kaibigan.

Auliya ng Dakilang Allah. Sinuman ang nakikitungo nang may poot sa isang Wali, ay naglalayon ng isang digmaan laban sa Allah.

Dahil ginagamit ng isang alipin [tao] ang kanyang pandinig, paningin, mga kamay at mga paa habang nakikipaglaban sa mga kaaway, ang Dakilang Allah sa gayong kalagayan ay Kanyang iginagawad sa Kanyang mga alipin ang buong lakas ng pagtataguyod at pagtulong sa pamamagitan ng pagkakaloob ng lakas at katatagan sa pangangatawan nito. Upang Kanyang maipakilala o maipabatid ang Kanyang ganap na tulong, ang Allah ay hindi nasisiyahan sa simpleng pagsasabing, 'Aking pinalalakas ang kanyang pandinig, paningin' bagkus ginawa Niyang metaporikal [o matalinhagang pahayag] ang paglalarawan ng Kanyang Sariling tulong bilang bahagi ng katawan ng Kanyang alipin kaya Kanyang ipinagkakaloob sa kanya ang ganap na pagtulong.

Ang gayong metaporikal o patalinhagang paraan ng salita ay karaniwan sa pananalita ng mga arabo, tulad ng pagsasabing: **'ang [taong] iyon ay isang tainga'** bilang halimbawa kapag tinutukoy ang isang espiya [maniniktik o lihim na sumusubaybay]. At kapag gumagamit ang isang espiya [maniniktik] ng lahat ng bahagi ng kanyang katawan upang maisakatuparan ang kanyang layuning maniktik o masubaybayan sa paraang pinakamaayos.

Karagdagan pang paliwanag, kapag sinabi na ang sangay ng intelihensiya ay nagpadala ng kanyang mata sa buong bansa, hindi ito nangangahulugan na tinanggal nito ang mga mata ng kanyang mga naniniktik at ikinalat ang mga ito sa buong bansa bagkus, ang mga maniniktik [o intelihensiyang maniniktik] mismo ang kanyang ipinadala upang maniktik o subaybayan ang sinumang inatasang tiktikan.

Sa kanyang pamumuna ng Hadith na ito, si Imam At-Tawfi ay nagpahayag:

**Ang mga bantog na iskolar ay nagkasundo na ang nabanggit na Hadith sa itaas ay patalinhagang pananalita lamang na naglalarawan ng pagtulong ng Mahabaging Allah sa Kanyang mga alipin.**

Maging ang Dakilang Allah ay inilarawan ang Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) bilang **Udhunu Khair**. At ito ay matutunghayan sa Banal na Qur'an:

**{At kabilang sa kanila ay yaong mga nagbibigay-pinsala sa Propeta [Muhammad (ﷺ)] at nagsasabi: "Siya ay tainga [naniniwala sa bawa't bagay na kanyang naririnig]." Sabihin: "Siya ay Udhunu Khair [tainga ng kabutihan] para sa inyo na naniniwala sa Allah; at naniniwala sa mga [tunay na] naniniwala. At siya ay [isang] habag para sa mga naniniwala na kabilang sa inyo}. [Qur'an 9:61]**

Upang bigyang-patotoo nito, itinakda [at ipinag-utos]

ng Dakilang Allah ang pagiging masunurin sa Kanya ng Kanyang alipin bilang isang paunang kondisyon para sa paggawad ng Kanyang tulong. Sa madaling salita kung ang isang tao ay hindi sumusunod sa Allah, siya ay maaaring mawalan o pagkaitan ng tulong mula sa Kanya. Ang katotohanang ito ay binigyang-diin sa Salita ng Allah:

**“Walang anupamang bagay na ginagawa ng Aking alipin na higit na mapapalapit sa Akin, na higit na nakalulugod sa Akin kaysa sa pagsasagawa ng mga obligadong gawain ng pagsamba na Aking iniaatang sa kanya. Ang Aking alipin ay nananatiling malapit sa Akin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang siya ay Aking mahalin, Ako ang kanyang magiging pandinig, ang kanyang magiging paningin na kanyang pinantitingin, at kanyang magiging kamay na kanyang pinanggagawa at kanyang magiging paa na kanyang pinanglalakad…”**[1]

1 Iniulat ni Al-Bukhari, Baihaqi at Fath al-Bari, 11.34041, Hadith (6502)

# ANG PAKIKIPAGTALO NI FIR`AUN (Paraon)

Nang matapos sabihin ni Musa (Moises) na ang Allah ay **Rabb** (Panginoon) ng lahat ng mga nilikha, inutusan ni Fir`aun ang kanyang ministrong si Haman na:

**{Kaya, ikaw, O Haman ay magpaningas [ng apoy] para sa akin [at maghurno] ng putik, at magtayo para sa akin ng isang bantayog upang sakali aking matanaw ang Diyos ni Musa [Moises]…}. [Qur'an 28:38]**

Ang pananalita ni Fir`aun ay nagbibigay ng malinaw na katibayan hinggil sa Kataasan ng Allah. Dapat sanang sinabi ni Musa na ang Allah ay nasa itaas ng pitong kalangitan, nguni't sa kabila nito, bakit kailangan ni Fir'aun na utusan ang kanyang ministrong si Haman para magtayo ng isang mataas na bantayog samantalang inaakusahan ni Fir`aun si Musa bilang isang sinungaling: **"Aking iniisip na ikaw ay isang sinungaling."** Siya [Fir`aun] ay hindi naniniwala sa anumang sinabi ni Musa at kanyang itinakwil ang Kataasan ng Allah, at iyan ang dahilan kung bakit kinakailangan niya ang isang pamamaraan upang maabot niya ang ituktok ng kalangitan upang sa gayon ay kanyang mapatunayan at makita sa kanya mismong sarili.

Katiyakan, nababatid ni Musa na ang Dakilang Allah ay nasa kaitaasan [sa ibabaw] ng mga kalangitan sapagka't ang Allah ay tuwirang nakipag-usap sa kanya mula roon. Si Ibn Abbas ay nagsabi: **"Nang ang Allah ay nakipag-usap kay Musa, Siya ay nakipag-usap sa kanya [kay Musa] mula sa kaitaasan ng mga kalangitan.**[1]

Sa kanilang mga pamumuna sa naturang Ayah sa itaas, ang mga ilang pinagpipitaganang Imam na binabanggit sa ibaba ay nagsabi:

## Imam Ad-Darimi[2]

Ang pamayanang Muslim at ang mga naunang mga pamayanan ay hindi kailanman nagkaroon ng alinlangan sa katotohanan na ang Dakilang Allah ay nasa kaitaasan [sa ibabaw] ng mga kalangitan, at Siya ay nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha. Ang mga nangaligaw na sekta[3] lamang ang sumasalungat sa Aklat ng Allah at sa Sunnah ng Kanyang Sugo (ﷺ), at nagtakwil sa Kataasan ng Allah.

1 Imam Al-Bukhari

2 Siya ay isang dakilang iskolar at isang mag-aaral ni Imam Ahmad. Siya ay ipinanganak noon taong 200 Hijrah

3 Ang ibig sabihin ni Imam Ad-Darimi sa kanyang puna sa mga Jahmites sekta na nagtatakwil sa Kataasan ng Allah at naniniwala, salungat sa anumang pinaniniwalaan ng Ahlus-Sunnah wal-Jama'ah na ang Qur'an ay isang nilikha.

## Imam Ibn Khuzaimah[1]

**"O mga taong may taglay na talino, makinig kayo sa isang katibayan tungkol sa Kataasan ng Allah mula sa Kanyang Aklat [Qur'an]. Sa kabila ng kanyang pang-aabuso at kawalan ng paniniwala, nauunawaan ni Fir`aun (Paraon) na ang Tagapaglikha ng sangkatauhan ay nasa itaas [sa ibabaw] ng mga kalangitan, kaya inutusan niya si Haman na magtayo ng isang matayog na bantayog upang ito ay kanyang mapatunayan para sa kanyang sarili."**

## Imam Az-Zinjani[2]

Sinabi ni Imam Az-Zinjani: **"Tila si Fir`aun ay nakauunawa mula kay Musa na ang Allah ay nasa itaas [sa ibabaw] ng mga kalangitan, bagaman kanyang pinaratangan si Musa bilang isang sinungaling. Samantalang yaong mga taong sumasalungat sa atin hinggil sa Kataasan ng Allah ay hindi nalalaman ang katotohanang ito, sapagka't sila ay nagkukulang sa tamang kaisipan kaysa kay Fir`aun."**

1 Ang bantog na Imam ng kanyang panahon [223H]. Ang dakilang Imam As-Subki ay tinawag na Imam ng mga Imam. Nakapagsulat siya ng humigit kumulang sa 140 aklat kabilang na rito ang Katangian ng Rabb [Panginoon], At-Tawheed, at Sahih Ibn Khuzaimah, mga tinipong mga Hadith.

2 Siya ang Imam ng Madhab (Katuruang Pananaw ng Shafei) sa kanyang panahon [381-471H].



# ANG MGA KATIBAYAN NG KATAASAN NG ALLAH MULA SA MGA HADITH NG SUGO NG ALLAH (ﷺ)

Ang mga mapananaligang Hadith (salaysay) at mga kaugalian ng mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ang mga tinipong mga salaysay ng apat na Imam at ng mga naunang mga mabubuting maalam ay naglalaman ng mga Ayat bilang mga makatuwirang katibayan ng Kataasan ng Allah ay pinarangalan ang Kanyang Sugo (ﷺ), at nilinaw ang katotohanan at katapatan sa pamamagitan ng pagsabing:

**{At siya ay hindi nagsasalita mula sa [kanyang sariling] kagustuhan. Ito ay walang iba kundi isang kapahayagan na ipinahayag [sa kanya]}. [Qur'an 53:03-04]**

At ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya anumang ipinagkaloob sa inyo ng Sugo (ﷺ), ito ay inyong tanggapin [nang maluwag] at anuman ang kanyang ipagbawal sa inyo, umiwas kayo mula rito}. [Qur'an 59:07]**

At ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Katotohanan, ibinigay sa akin ang Qur'an at ang kalakip na kahalintulad nito [Sunnah]."** Ang Sunnah ay

ikalawang pinagmumulan ng Shari'ah o Batas ng Islam. Ito ang tanging bagay na nakaugnay sa Qur'an na siyang ipinahihiwatig sa Hadith na binanggit sa itaas.

Maraming Hadith ang tumutukoy tungkol sa Kataasan ng Allah. Ang ilang sumusunod na mga piling Hadith ay saksi sa katotohanan tungkol sa Kataasan ng Allah.

- Isinalaysay ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang makasaysayang paglalakbay mula sa Makkah patungong Herusalem, Al-Isra' wal Mi'raj[1] [o ang kanyang pag-akyat mula sa Herusalem patungo sa kalangitan]. Siya ay nagsabi:

**"Ako ay itinaas ni Anghel Jibreel (Gabriel) sa pinakamababang kalangitan at nakiusap sa mga tagabantay [ng langit na ito]. Siya (Anghel Jibreel) ay tinanong: "Sino ito?" Siya ay sumagot, [ako ang Anghel] Jibreel. Sila ay nag-usisa, Sino ang kasama mo? Si Muhammad (ﷺ), ang sagot niya. Ang mga tagabantay ng langit ay nagtanong sa kanya, Siya ba ay inanyayahan? 'Oo' ang sagot ng Anghel Jibreel. Pagkaraan may isang bumati at nagsabing: 'Siya ay malugod na tinatanggap. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpatuloy sa kanyang pagsasalaysay. "Nang ang pintuan ay binuksan, ako ay pumasok at aking nakaharap si Adam [Adan]. Ang Anghel JIbreel ay nagsabi sa akin, Ito ang iyong ama,**

1 Imam Al Bukhari, Imam Muslim, at mga iba pa.

**batiin mo siya.' Nang binati ko siya, gumanti siya ng pagbati na nagsabing, malugod na pagdating, o aking mabuting anak at banal na Propeta (ﷺ). Pagkatapos, ang Anghel Jibreel ay umakyat sa ikalawang langit at nakiusap sa mga tagabantay nito na buksan ang pintuan."** Ang katanungang nangyari sa pinakamababang langit ay muling itinanong sa bawa't langit bago ito pagbuksan. Inilarawan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang nakita sa bawa't langit, hanggang sa huli siya ay itinaas sa ika-pitong langit na kung saan ang obligadong Salah para sa pang-araw araw na tungkulin ng mga Muslim ay iniutos sa kanya.

Itong mapananaligang Hadith ay nagpapahiwatig nang malinaw sa simpleng salita na hindi maaaring ipagkamali o bigyan na malayo o lihis na pagpapaliwanag na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay itinaas patungo sa kanyang Rabb [Panginoon] sa pamamagitan ng isang langit patungo sa kaitaas-taasang ibang mga langit.

Ang Ahlus-Sunnah wal-Jama'ah ay naniniwala na ang **Mi'raj** at ang **Isra** ay hindi mga ilusyon o pangitain bagkus katotohanan. Kung ang Dakilang Allah ay nasa lahat ng dako [o lugar], bakit kailangan pang itaas ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa ikapitong langit? Maaaring ipag-utos na lamang ng Allah ang obligadong Salah sa kalupaan kaysa umakyat pa siya sa ika-pitong langit.

2 Si Abdullah Ibn Am'r ay nag-ulat na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

**"Maging mahahabagin kayo sa sinumang nasa lupa, upang ang Sinumang nasa itaas ng kalangitan ay magiging mahahabagin sa inyo."[1]**

3 Si Abu Hurairah ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang mga anghel ng kamatayan ay karaniwang dumarating sa isang naghihingalong tao. Kung siya ay taong matwid, kanilang sinasabi sa kaluluwa nito: O mabuting kaluluwa! Ikaw ay lumabas sa mabuting katawan, at magdiwang sa pagpapahayag ng habag at panustos mula sa Rabb [Panginoon] na nalulugod sa iyo." Ang mga anghel ay patuloy na nanghihikayat sa mga salitang ito hanggang ang kaluluwa ay lumabas mula sa katawan. Pagkatapos, ito ay kanilang iniaakyat sa kalangitan na kung saan ang pahintulot upang buksan ang mga pintuan nito ng langit ay hinihingi. Ang mga tagapagbantay [mga anghel] nito ay mag-uusisa, Sino ito? Si ganito at si ganito, ang mga anghel ay sasagot. 'O mabuting kaluluwa, ikaw ay malugod na tinatanggap. Ang kaluluwa ay masisiyahan sa gayong mga salita hanggang ito ay itataas sa kalangitang mataas na kinaroroonan ng Dakilang Allah."[2]**

1 Imam Ahmad, Imam Al Bukahri, at mga iba pa.

2 Imam Ahmad, Al Hakim, at mga iba pa.

Maliwanag na ang Allah ay nasa itaas [sa ibabaw] ng pitong kalangitan. Kung hindi, bakit ang mga kaluluwa at ang mga gawa ng mga naniniwala ay itataas sa mga kalangitan upang makarating sa Dakilang Allah.

4 Si Abu Hurairah ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang anghel ng kamatayan ay laging lumilitaw sa mga tao [upang kuhanin ang kaluluwa]. Nang siya [anghel ng kamatayan] ay dumating kay Propeta Musa, upang kunin ang kaluluwa nito, siya ay hinampas ni Musa (Moises) at pinaputok ang mata nito. Ang anghel ng kamatayan ay umakyat sa kanyang Panginoon at sinabi sa Kanya, "Aking Rabb [Panginoon] ako ay pinababa Mo kay Musa nguni't ako ay kanyang hinampas at pinaputok ang mata. Kung hindi Mo lamang siya pinarangalan, maaaring pinahirapan ko siya."**

Ang anghel ng kamatayan ay bumaba kay Musa mula sa kalangitan upang kunin ang kanyang kaluluwa. Hindi siya nagtungo sa kanya mula sa silangan, sa kanluran, o hilaga o timog, at hindi rin lumabas mula sa mundo. Bagkus siya ay bumaba mula sa Kanyang Panginoon na nasa itaas ng kalangitan.

5 Si Abu Hurairah ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang Allah ay naghanda ng daan-daang antas ng Jannah [Paraiso] para sa mga Mujahideen na nakikipaglaban**

**sa Kanyang Landas. Sa pagitan ng bawa't antas, ang sukat nito ay nasa layong katumbas ng pagitan ng lupa at langit. Kapag kayo ay hihiling sa Dakilang Allah, inyong hilingin ang inyong pagpasok sa Jannatul-Firdaws sapagka't ito ay matatagpuan sa gitna ng pinakamataas ng kalagayan ng Jannah na kung saan ang mga ilog ng Jannah ay umaagos at sa itaas nito ay ang Arsh (Trono) ng Dakilang Allah."**

6 Si Mu'awiyah As-Sahmi ay nag-ulat:

**"Ako ay mayroong tupa at isang babaing alipin ang nagpapastol nito. Nang minsan akong lumabas upang asikasuhin ko ang aking mga tupa, nalaman ko na nilapa ng isang lobo ang isa nito. At dahil ako ay isa lamang tao, [ako ay nagalit] at pinalo ko ang aliping babae. Nang sumunod na araw, ako ay nagtungo sa Sugo ng Allah (ﷺ) at aking iniulat ang nangyari. Ako ay kanyang lubhang sinindak sa ginawa kong pananakit sa babaing alipin. Ako ay nagtanong: O Sugo ng Allah (ﷺ), dapat ko ba siyang palayain [bilang kapalit ng aking kasalanan]? Siya ay sumagot, 'Dalhin mo siya sa akin. Nang dinala ko ang babaing alipin sa kanya, siya ay tinanong niya, "Nasaan ang Allah? Siya [ang babaing alipin] ay sumagot, "[Ang Allah ay] nasa itaas ng kalangitan." Pagkaraan, ito ay kanyang tinanong, "Sino ako?" Ang babaing alipin ay sumagot, "Ikaw ay Sugo ng Allah." Dahil doon, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay**

**nagsabi sa akin, Siya ay iyong palayain. [Sapagka't] siya ay isang naniniwala [Muslimah]."[1]**

Ang nabanggit na Hadith sa itaas ayon kay Shaikh Khalil Al Harras ay tumatayo bilang isang matalinong katibayan ng Kataasan ng Allah. Narito sa salaysay na ito ang isang tao na nanakit ng kanyang babaing alipin sa pamamagitan ng pagpalo sa kanya, at nais niyang mapawi ang kanyang kasalanan sa pamamagitan ng pagpapalaya sa kanya. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay pumili ng isang katanungan, "Nasaan ang Allah?" Dahil doon ang babaing alipin ay nagbigay ng tamang kasagutan na "ang Allah ay nasa itaas ng kalangitan." Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpahayag na ang babaing ito ay isang Muslim [naniniwala] kaya ipinag-utos niya sa nagmamay-ari nito na siya ay kanyang palayain nang ayon sa kanyang tamang sagot.

Hindi ba tumatayo ang nabanggit na Hadith sa itaas bilang matatag na katibayan na ang Allah ay nasa itaas [sa ibabaw] ng mga kalangitan?

Walang alinlangan, na ang babaing alipin, ang pastol ay higit na nakababatid ng kanyang Rabb [Panginoon] kaysa sa isang mangmang na nagsasabi o naniniwala na ang Makapangyarihang Diyos [Allah] ay nasa lahat ng lugar.

**7** Si Abu Hurairah ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

1 Imam Muslim, Abu Daud, at iba pa.

**"Ang ating Dakilang Rabb [Panginoon], na nagbibigay ng pagpapala at biyaya ay bumababa sa pinakamababang kalangitan bawa't gabi sa huling ikatlong bahagi ng gabi at nagsasabing: Mayroon bang isang nananalangin sa Akin, at Ako ay tutugon sa kanya? Mayroon bang isang humihingi sa Akin ng anumang bagay? At ako ay magbibigay sa kanya. Mayroon bang isang humihingi ng Aking kapatawaran, at siya ay Aking patatawarin?"**[1]

Ang mga pananalita ng Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabing **"Ang ating Dakilang Rabb [Panginoon] na Siyang nagbibigay ng pagpapala,' ay bumababa sa pinakamababang kalangitan",** ay malinaw na nagpapahiwatig ng pangunahing Kataasan ng Dakilang Allah. Kung ang Allah ay naroroon sa lahat ng lugar, hindi na kailangan pa para sa Sugo ng Allah (ﷺ) na magsabing: **"Ang Allah ay bumababa"** at hindi rin kailangan pang bigyan ng kaibahan ang isang bahagi ng gabi mula sa ibang [bahagi nito]. Mayroon lamang isang kasagutan dito: Ang Dakilang Allah na Siyang nagbibigay ng pagpapala ay nasa itaas [sa ibabaw] ng pitong kalangitan, at nasa itaas ng Kanyang Dakilang Arsh (Trono).

8 Si Abu Hurairah ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang Dakilang Allah ay mayroong mga anghel na

1 Imam Malik, Imam Al-Bukhari, Imam Muslim, at iba pa.

gumagala sa mundo bukod sa mga anghel na nagtatala ng mga gawain ng mga tao. Kapag sila ay makakita ng pangkat ng tao na nagbibigay ng pag-aalaala sa Allah, sila ay nagtatawagan sa isa't isa, Halina kayo rito, narito ang anumang inyong hinahanap na layon'. At kanilang palilibutan ang mga taong ito. Kapag ang mga taong ito ay nagsialis na, ang mga anghel ay aakyat sa kalangitan. Ang Dakilang Allah ay magtatanong [bagaman, lubos Niyang nababatid ang lahat ng nangyayari] sa kanila, **"Ano ang ginagawa ng Aking mga alipin [tao] nang sila ay inyong iniwan?"** O sa ibang salaysay ng Hadith na ito, ang Allah ay magtatanong sa kanila, bagaman Kanyang higit na nababatid ang kasagutan kaysa sa kanila, **"Saan kayo nanggaling?"** Sila ay sasagot, **"Kami ay nanggaling mula sa Iyong mga alipin na sumasamba sa Iyo, pumupuri sa Iyo, at nagpapahayag ng Iyong Kaisahan at humihiling sa Iyo."**(1)

Malinaw ang mga anghel ay umaakyat sa mga kalangitan upang kanilang marating ang kinaroroonan ng Dakilang Allah.

1 Imam Al Bukhari, Imam Muslim at iba pa.

# ANG MGA SINABI NG MGA MAPANANALIGANG MAALAM (ISKOLAR) TUNGKOL SA HADITH NA NABANGGIT SA ITAAS

## Al-Hafidh Adh-Dhahabi

Sinabi ni Al-Hafidh Adh-Dhahabi, ating napapansin na yaong tinanong, **"Nasaan ang Allah**?" at likas na sumagot na nagsasabing: **"Ang Allah ay nasa itaas ng langit"** ating mauunawaan mula sa nabanggit sa itaas na Hadith ang dalawang pangunahing dahilan:

1. Ang pagsang-ayon sa Batas ng Islam [o ang pagpapahintulot ng pagtatanong na: **"Nasaan ang Allah?"**
2. Ang tanging kasagutan: **"Siya ay nasa itaas ng kalangitan."**

Kaya naman, sinuman ang nagtakwil ng dalawang dahilang ito ay naghahatid sa kanya upang salungatin ang Sugo ng Allah (ﷺ).

## Imam Ad-Darimi

Ang binanggit na Hadith sa itaas ay nagsasaad ng malinaw

na katibayan na sinumang hindi nakababatid na ang Allah ay nasa itaas [sa ibabaw] ng mga kalangitan, ay itinuturing bilang isang di-naniniwala [di-Muslim].

## Imam Al-Juwaini

Sa pagsasabing: Nasa itaas [sa ibabaw] ng mga kalangitan" bilang kasagutan sa tanong na, "**Nasaan ang Allah?**' Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi lamang kanyang sinang-ayunan ito sa harap ng kanyang mga kasamahan, kundi ipinahayag pa niya na ang aliping babae ay tunay na Muslimah [naniniwala]. Samakatuwid, sinumang hindi nakaaalam ng kanyang sinasambang diyos, ang kanyang puso ay mananatiling nakabalot sa kadiliman [ng kamangmangan], wala siyang kakayahang tumanggap mula sa kaalaman o ng Iman [tamang paniniwala].

## Shaikh Nasiruddin Al-Albani

Si Shaikh Nasiruddin Al-Albani [nawa'y kahabagan siya ng Dakilang Allah at tanggapin sa Firdaws], ay isang iginagalang at pinananaligan sa kaalaman ng Hadith sa kasalukuyan, ay nagsabi:

**"Kasawian sa sinuman na ang kanyang Iman [paniniwala] ay hindi sinasaksihan ng Sugo ng Allah (ﷺ), at kasawian sa kanya na nagtatakwil sa anumang pinaninindigan ng Sugo ng Allah (ﷺ) bilang isang katibayan ng Iman hinggil sa kahulugan ng katanungang "Nasaan ang**

**Allah." Ang pagtakwil na ito ay nagpapahiwatig ng pinakamalubhang paglihis sa tamang paniniwala, ito ay ang, kapag ang sinuman ay hindi nakababatid kung nasaan ang kanyang Rabb [Panginoon] na kanyang sinasamba at pinagpapatirapaan ng kanyang sarili, Siya ba ay nasa itaas ng Kanyang mga nilikha o Siya ba ay nasa ilalim ng mga ito?"**

## Shaikh Ahmad Ibn Hajar Al-Butami

Bunga ng kanilang katigasan ng ulo at kawalang-pitagan, ang gayong mga tao ay nagtatakwil sa pag-ayon ng Batas ng Islam [at ang pagpapahintulot] sa tanong na ito **[Nasaan ang Allah?]** Ang kanilang pagtakwil ay isang malubhang kasalanan sapagka't kanilang itinuring ang kanilang mga sarili na higit na maalam kaysa sa Allah at sa Kanyang Sugo (ﷺ). Subali't ang katotohanan nito, sila ay mangmang tungkol sa Allah at sa Kanyang Sugo (ﷺ). Kanilang pinahintulutan sa kanilang mga sarili ang magkaroon ng karapatang magpasiya kung ano ang pinahihintulot at kung ano ang hindi pinahihintulot. Paano nga bang ang Iman [paniniwala] sa Allah at sa Kanyang Sugo (ﷺ) ay paghaluin sa pagsasalungat sa Sugo ng Allah (ﷺ)?



# ANG PANANAW NG MGA KASAMAHAN NG SUGO NG ALLAH (ﷺ), ANG INA NG MGA NANINIWALA, SI ZAINAB BINT JAHSH[1]

Si Anas ay nag-ulat na laging ipinagmamalaki ni Zainab ang pagpapakasal ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanya, sinasabi niya sa ibang asawa ng Sugo ng Allah (ﷺ) na:

**"Ang inyong mga pamilya ang nagbigay para sa inyo upang pakasalan ng Sugo ng Allah (ﷺ), samantalang ang Allah mula sa itaas [sa ibabaw] ng pitong kalangaitan ang Siyang nagbigay para sa akin upang ako ay pakasalan niya [ng Sugo ng Allah (ﷺ)]."**

Sa ibang salaysay, siya [Zainab] ay nagsabi sa Sugo ng Allah (ﷺ):

**"Ang Mahabagin mula sa itaas ng Kanyang Trono ang Siyang nagbigay sa akin upang ako ay pakasalan mo."[2]**

---

1 Si Zainab bint Jahsh, ang isa sa kinilala bilang Ina ng mga naniniwala [Muslim], na pinakasalan ng Sugo ng Allah [ﷺ] sa ika-3 taon ng Hijrah. Siya ay dating asawa [na diniborsiyo] ni Zaid Ibn Harithah, isang malayang alipin ng Sugo ng Allah [ﷺ]. Lagi niyang ipinagmamalaki ang pagiging pinsan ng Sugo ng Allah [ﷺ] at ang Allah ang Siyang nag-utos sa Sugo ng Allah [ﷺ] na siya ay pakasalan.

2 Imam Al-Bukhari at iba pa.

## Abdullah Ibn Abbas

Sinabi ni Abbas kay Aishah [nawa'y kalugdan siya ng Dakilang Allah]:

**"Ikaw ang pinakamamahal na asawa ng Sugo ng Allah (ﷺ), at ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay lagi nang nagmamahal lamang sa isang malinis [marangal], at ang Allah ay ibinaba [o ipinahayag] ang iyong kalinisan [laban sa mga naninirang-puri] mula sa itaas [sa ibabaw] ng pitong kalangitan na dinala ng Anghel Jibreel, at walang Masjid sa mga Masajid ng Allah na binanggit ng Allah ang gayong Ayat [talata ng Qur'an] malibang ito ay binibigkas dito sa araw at gabi."(1)**

## Abu Bakr As-Siddiq

Si Abu Bakr As-Siddiq ay nagsabi:

**"Sinumang sumasamba kay Muhammad (ﷺ) [dapat niyang malaman na] si Muhammad (ﷺ) ay patay na. Nguni't sinumang sumasamba sa Allah, ang Allah ay nasa itaas [sa ibabaw] ng mga kalangitan, ang Walang Hanggang, kailanman ay hindi mamamatay."(2)**

1 Imam Ahmad

2 Ad-Darimi at mga iba pa.

# ANG PANANAW NG APAT NA KINIKILALANG IMAM

## Imam Abu Hanifah

Si Abu Muti' Al-Balkhi ay nag-ulat:

**"Aking tinanong si Imam Abu Hanifah tungkol sa isang tao na nagsabing: "Hindi ko alam kung ang aking Rabb [Panginoon] ay nasa itaas ng mga kalangitan o nasa kalupaan?" Si Abu Hanifah [nawa'y ipagkaloob sa kanya ang habag ng Allah] ay nagsabi: Äng taong nagsalita nang gayon ay nagtakwil [o tumalikod sa tamang paniniwala ng Ahlus-Sunnah wal Jamaáh] sapagka't ang Dakilang Allah ay nagsabi: "Ang Mahabagin ay pumaitaas sa Kanyang Arsh (Trono)." At ang Arsh ng Allah ay nakataas sa ibabaw ng mga kalangitan.' Muli kong tinanong si Abu Hanifah, "Kung ang gayong tao ay tinanggap [o naniwala] na ang Allah ay nakataas sa Kanyang Arsh (Trono), nguni't siya ay nagsabing: "Hindi ko alam kung ang Kanyang Arsh ay nakataas sa ibabaw ng mga kalangitan o kalupaan." Si Abu Hanifah ay tumugon nang ganito, "Kung kanyang tinutulan na ang Arsh ay nakataas sa mga kalangitan, samakatwid siya ay nagtakwil [o di-naniwala]."**[1]

1 Sharhut Tahawiyyah - Pahina: (288)

Kung ang isang tao ay nagsasabi na hindi niya alam kung nasaan ang Arsh (Trono) ng Allah, siya ay itinuturing bilang tumalikod [sa Islam], at ang isang nagtakwil sa Kataasan ng Allah ay higit na masama kaysa sa isang tumalikod.

## Imam Malik[1]

Si Abdullah Ibn Nafi' ay nag-ulat: si Malik Ibn Anas ay nagsabi: **"Ang Allah ay nasa itaas ng mga kalangitan at Kanyang nasasaklawan ang lahat ng bagay sa Kanyang Kaalaman. Walang bagay ang makahuhulagpos sa Kanyang Kaalaman."**[2]

## Imam Shafe`i[3]

Si Imam Shafe`i ay nagsabi:

**"Ang Sunnah na aking sinusunod ay ang Sunnah na siyang sinusunod ng mga nauna sa akin, ito ay binubuo ng Shahadatain [walang diyos na dapat sambahin kundi ang Allah at si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allah], at na ang Allah ay nakataas sa Kanyang Arsh (Trono), at Siya ay bumababa sa pinakamababang langit kailanman Niya naisin."**[4]

1 Si Imam Malik ibn Anas, isa sa kinikilalang Imam ay iginagalang na dalubhasa sa Batas ng Islam at isang traditionist [93-179H]

2 Abdullah Ibn Ahmad, at iba pa.

3 Abdullah Muhammad Ibn Idris Ash-Shafe`i, isa sa apat na kilalang Imam. Isang dalubhasa sa Batas ng Islam [150-204].

4 Al-Juyush Al-Islamiyyah, Ibn Al-Qayyim - pahina (93).

Si Imam Shafe`i ay nagsabi rin:

**"Itinuturing bilang isang Kafir [di-naniniwala] ang sinumang tumangging maniwala o tumatangging kumilala na ang Allah ay bumababa sa itaas ng Kanyang Arsh (Trono) sa pitong kalangitan, at nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha. Ang gayong tao ay nararapat magsisi at nararapat tumalikod sa kanyang maling paniniwala; o [kung hindi niya magagawa ito] siya ay dapat pugutan ng ulo at itapon sa basura."[1]**

## Abu Bakr Muhammad At-Tamimi

Si Abu Bakr Muhammad At-Tamimi, ang Imam ng Shafe`i sa Naisabur ay nagsabi:

**"Ako ay hindi sumasamang nagdarasal sa isang Imam na nagtatakwil sa mga Katangian ng Allah at hindi kumikilala [o naniniwala] na ang Allah ay nasa itaas ng Kanyang Arsh."[2]**

## Imam Ahmad[3]

Siya ay tinanong:

**"Ang Allah ba ay nasa itaas ng Kanyang Arsh (Trono),**

1 Al-Juyush Al-Islamiyyah, Ibn Al-Qayyim - pahina(93).

2 Al-Juyush Al-Islamiyyah, Ibn Al-Qayyim - pahina (93).

3 Si Ahmad Ibn Muhammad Ibn Hanbal, ang dakilang Imam ay tinawag na Imam ng Ahlus-Sunnah. Ang pangalang ito ay naging bukambibig sa Islam nang dahil sa matibay na paniniwala. Si Imam Ahmad ay isang bayani at biktima ng isang marahas na imbestigasyon sa panahon ni Khalifa Al Mamoon nang inutusan ang kanyang mga kinasasakupan ng matinding parusa upang pagtibayin ang paniniwala na ang mga Salita ng Allah [Qur'an] ay nilikha, sa gayon ito ay nahahalintulad sa paniniwala ng mga Kristiyano.

**nasa ibabaw ng ikapitong langit, nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha? Ang Kanya bang Kaalaman at Kapangyarihan ay nasasaklawan ang lahat ng bagay sa lahat ng dako?** Siya ay sumagot: **"Oo, siya ay nasa itaas ng Kanyang Arsh (Trono) at walang makakaligtaan [o makalalagpas] sa Kanyang Kaalaman."**[1]

Ang lahat ng mga katibayan ay nagpapahiwatig na ang kalakhang pamayanang Muslim, sa mga nagdaan at sa kasalukuyan ay nagkakaisa hinggil sa paniniwala sa Kataasan at Kataas-taasang Kapangyarihan ng Dakilang Allah.

Ang mga sektang naligaw ay nag-aanyaya ng isang huwad na paniniwala na ang Allah ay palagian at nananahan o Siya ay nasa loob ng Kanyang mga nilikha. Ang mga makatuwirang katibayan ay nakahandang ibigay upang pabulaanan ang mga ginawang kalapastanganan sa Allah ng mga Jahmites at niyaong mga nagtatangkang palaganapin ang kanilang maling paniniwala sa ngayon, upang patunayan na ang Allah ay nasa itaas ng Kanyang Arsh (Trono), at nakataas sa ibabaw ng ikapitong kalangitan sa paraang naaangkop sa Kanyang Karangalan at Kamaharlikaan, pinabulaanan ni Ahmad Ibn Hanbal [nawa'y kahabagan siya ng Allah], ang Imam ng Ahlus-Sunnah wal-Jama'ah ang kanilang maling paniniwala - isang libong taon na ang nakararaan, nang kanyang sinulat na**:**

---

1 Al Juyush Al Islamiyyah, Ibn Al-Qayyim P. (123)

**“Kung nais ninyong mapatunayan ang kasinungalingan ng mga Jahmites na nagsasabi na ang Allah ay nasa lahat ng dako, sila ay inyong tanungin, “Hindi ba ang Allah ay buhay na nang panahong wala pa man lang isang nabubuhay [nalilikha]?” Ang mga Jahmites ay magsasabi: “Oo, walang bagay ang nauna sa Kanya.” Pagkaraan, sila ay inyong tanungin, “Nilikha ba ng Allah ang Kanyang mga nilikha sa loob ng Kanyang Sarili o sa labas ng Kanyang Sarili?” Ang mga Jahmites ay mapipilitang mamili sa mga sumusunod na sagot:**

1. Kung ang mga Jahmites ay nag-aangkin [o naniniwala] na ang Allah ay lumikha ng Kanyang mga nilikha sa loob ng Kanyang Sarili, samakatwid sila ay tumalikod nang tuwiran sa Islam, sapagka’t sila ay naniniwala na ang mga Jinn, mga tao, at satanas ay nananahan sa Allah.

2. Kung ang mga Jahmites ay nag-aangkin [o naniniwala] na ang Allah ay lumikha ng Kanyang mga nilikha sa labas ng Kanyang Sarili, nguni’t pagkaraan ay nanahan o nasa mismong Sarili ng Allah, sila ay tumalikod nang tuwiran sa Islam, sapagka’t sila ay naniniwala na ang Allah ay nananahan sa mga maruruming bagay at lugar.

3. Nguni’t kung ang mga Jahmites ay nagpahayag na ang Allah ay lumikha ng Kanyang mga nilikha sa labas ng Kanyang Sarili at hindi kailanman nananahan o nasa sa mga ito, sila ay makikiisa at muling magbabalik sa

tunay na Aqeedah (paniniwala) ng Ahlus-Sunnah sa pamamagitan ng pagbibigay ng ganitong kasagutan upang kanilang talikdan ang kanilang sariling mga nakaliligaw at maling paniniwala.

Bilang huling pananalita, ang isang Muslim ay nagtataka kung paano nila nagawang paniwalaan na ang Allah ay nasa lahat ng bagay at nasa lahat ng dako, samantalang kanilang nalalaman na ang Allah ay Makapangyarihan, at Kanyang titipunin ang lahat ng nasa kalupaan sa Kanyang mga Kamay, at Kanyang lulukutin ang mga kalangitan sa Kanyang Kanang Kamay, bilang katibayan tulad ng mahigpit na babala. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sila ay hindi nagbigay ng pagpapahalaga sa Allah nang tunay na [o nararapat na] pagpapahalaga, samantalang ang buong kalupaan ay [nasa] Kanyang pagdakot sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, at ang mga kalangitan ay lulukutin ng Kanyang Kanang Kamay. Luwalhati sa Kanya, at Mataas sa anumang itinatambal sa Kanya}. [Qur'an 39:67]**

Kung ang nabanggit sa itaas na Ayah [talata ng Qur'an] ay tanging nag-iisang katibayan ng Kataasan ng Allah, ito ay higit pa sa kasapatan para sa isa upang maniwala na ang Allah ay nakahiwalay mula sa Kanyang mga nilikha, at Siya ay nakaibabaw sa mga kalangitan at nakataas sa Kanyang Dakilang Arsh (Trono). Katiyakan na ito ay

sapat na para sa mga tunay na nananalig at dumadakila sa Makapangyarihang Diyos- ang Allah.

Hilingin natin sa Dakilang Allah na nawa'y panatilihin tayong mamuhay sa matuwid na landas hanggang tayo ay humarap sa Kanya sa kabilang buhay, at ibilang tayo sa mga taong papasok sa Jannah. Allaahumma Ameen.

IslamHouse.com

IslamHouseTl islamhouse.com/tl/ islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

GuidetoIslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

# NASA KATAASAN ANG ALLAH

## Mga Katibayan Mula Sa Qur’an At Sunnah

Ang mahalagang aklat na ito ay naglalahad ng mga katibayan mula sa Qurán at Sunnah upang patunayan ang katotohanan na ang Allah ay pumaitaas sa Kanyang Arsh (Trono) sa paraang naaangkop sa Kanyang Karangalan at Kadakilaan sa wikang tagalog.





IslamHouse.com
Osoul Center
www.osoulcenter.com